## Imus launched contactless distribution of ‘ayuda’ p.5

WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTER
ISSN: 2508-0679

# Southern Sparkle News and PUBLISHING

The country's news vehicle towards progress and development.

Vol. XII No. 28 APRIL 19-25, 2021 P10.00

HAPPY BIRTHDAY

Hon. Lani Mercado Revilla

Bacoor, Cavite Mayor



Greetings from: Southern Sparkle News and Publishing Management & staff...

# NCR+, 3 other areas now under MECQ until April 30



DUTERTE

p.4



*Patuloy ang pamamahagi ng ayuda sa Lungsod ng Trece Martires sa pangunguna ni Mayor Gemma Lubigan kasama si Vice Mayor Bobby Montehermoso. Para sa mga may hinaing ukol sa ayuda, siniguro naman ng alkalde na mayroong “2021 AYUDA - TRECEÑO APPEAL COMMITTEE”. Bukod dito ay magbubukas na rin ang Satellite Office ng Grievance Committee sa bawat Barangay. Bumisita lamang sa facebook page ni Mayor Gemma Lubigan para sa mga updates.*

## MAYOR ARCILLAS NAGLAAN NG KARAGDAGANG P350M NA PONDO PARA SA AYUDA

Inanunsiyo ni Santa Rosa City Mayor Arlene Arcillas na naglaan ang pamahalaang lungsod ng P350-milyon bilang karagdagang pondo pang-ayuda sa mga nasasakupan nitong apektado ng enhanced community quarantine.

Ayon kay Mayor Arcillas, ang dagdag na pondo ay upang masiguro na mabigyan ng financial assistance ang lahat ng mga pamilya sa lungsod.



Paliwanag ng alkalde, aabutin lamang sa (cont. p.3)

## GOLEZ....always on the GO!

Ni Michelle Mendoza



Sa kanyang patuloy na pagbibigay tugon sa pangangailangan ng Parañaqueños, namahagi ng tulong sa pagbibigay ng ayuda sa Cul de Sac, Sun Valley at iba pang mga barangay si Parañaque Vice Mayor Rico Golez kasama ang ibang mga lokal na (cont. p.4)

## REP. ARROYO NAGHAIN NG HOUSE RESOLUTION PARA IMBESTIGAHAN ANG MGA INSIDENTE NG LANDGRABBING



p.2

## COVID-19 INOCULATION AT SM CITY CALAMBA

(KCHT/ MARRA VILLEGAS)

SM CITY CALAMBA

SM City Calamba in partnership with the Calamba City local government opened a vaccination site at the mall's cinema lobby. The vaccination drive dubbed as “Calambakuna sa SM Calamba” aims to serve 300 residents a day. This is part of SM's effort to curb the spread of COVID-19 by providing a safe, convenient and readily accessible venue for vaccination. In the photo is Calamba City Mayor Justin Marc Chipeco (2nd from left) with SM Supermalls SAVP John Jason Terrenal, AVP Angel Toreja and Mall Manager Rae Anne Maranan.



# MINISO LAUNCHES OFFICIAL PHILIPPINE WEBSITE AND DISNEY COLLECTION

(KAREN CHRISTINE H. TIQUI)



Keep yourselves hydrated with these Mickey tumblers.


Give your home a fun touch with these Mickey toothbrush holders and oval hook crochets.


Cute Mickey Mouse key chains


Mickey shaped brush from Miniso.


These novelty items – phone lanyard and manicure set - will bring a smile to your face during these difficult times. Available at shop.minisoph.com.



Organizing is more fun with these Mickey Mouse and Donald Duck mini organizers.


Colorful Minnie milk memo pads available at Miniso.


Travel in the new normal comfortably with this Mickey neck pillow.



Mickey Mouse pouches for your essentials and toiletries.





Happy dreams with Miniso's Mickey inspired eye mask.


Quench your thirst with Miniso's Mickey Mouse water bottles with straws.



Mickey Mouse storage box and laundry basket perfect for the home.


Disney fans will love these fashionable Mickey Mouse cap and string bag.
Available at shop.minisoph.com.

Shopping at Miniso is made more accessible and convenient with new their official Philippine website - shop.minisoph.com - which also features their newest Disney Mickey and Friends collection.

Miniso's cute and affordable finds - essentials, home living, health and beauty, bags and digital accessories, toys, or stationery and gifts – are now a few clicks away at the new website.

Disney fans can also visit Miniso's website and check out their creative, and functional items from Mickey collection items ranging from mugs, tumblers, accessories and other novelty pieces.

With the launch of their official Philippine website, Miniso aims to continue offering goods designed for value and quality to all its customers. Miniso also strives to be a lifestyle advocate and bring well-made products to young consumers at reasonable prices for them to better enjoy a quality life on a budget.

Conveniently shop for your favorite Miniso essentials and Disney inspired items now at the comfort of your homes; just log on to shop.minisoph.com and instantly place your orders! For more details and updates, you can also check out Miniso Philippines at Facebook and Instagram.

**SOUTHERN SPARKLE NEWS AND PUBLISHING publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday at Region IV-A, Province of Cavite**

Southern Sparkle News and Publishing
WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTER
ISSN: 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.

Office Add: Blk. 2 Lot 1 Justinville 2, Palico I, Imus City
Mobile No. 09399551973/ 0927-207-5522/ 09057552963
• Tel No. (046) 686-0275
E-mail Add: southernsparklenews@yahoo.com/

| | |
|---|---|
| **MILAGROS BAGAPORO** | Publisher |
| **Marra Villegas** | Associate Publisher |
| **Margie Bautista** | Editor-In-Chief |
| **Sonny Anarna** | Editorial Staff |
| **Jerry Guina** | Managing Editor |
| **Michelle Mendoza** | Account Executive |
| **Renato Alcoran** | Circulation-in-Charge |
| **Augusto Laguda** | Circulation-in-Charge/Operator |
| **Maricar Lumas** | Layout Artist |
| **Ernie Serviento** | Columnist |
| **Billy David Sadik** | Reporter |
| **Atty. Wilfredo Saquilayan** | Legal Counsel |

MEMBER of PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILS., INC.
papi

Note: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purposes without prior written permission from the publisher and its writer's/columinist.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Commercial Ad Rate: Per column = Php 200.00

# REP. ARROYO NAGHAIN NG HOUSE RESOLUTION PARA IMBESTIGAHAN ANG MGA INSIDENTE NG LANDGRABBING

Nanawagan si Rep. Ma. Lourdes T. Arroyo sa House of Representatives Committee on Local Government na magsagawa ng pag-uulat sa mga hakbang na isinasagawa ng mga local na pamahalaan sa mga isyu ng land grabbing. Ang panawagan ay kasunod ng mga balita at reklamo ng pang-aabuso sa mga proseso na isinasagawa ng mga local na opisyal sa pagbibigay ng notices of delinguency sa mga nagmamay-ari ng lupa na sinadyang hindi matanggap ng mga ito na nagiging sanhi upang mawala ang kanilang pinaghirapang mga pag-aari dahil sa umano ay hindi pagbabayad ng mga local real estate taxes. Ang naturang modus ay 'common knowledge' na sa ilang residente at mga biktima na nagsabing ito ay talamak na sa mga lungsod at munisipalidad katulad ng Muntinlupa, Quezon City at Caloocan at sa ilan pang LGU.

Ang House Resolution 1653 na inihain ni Arroyo ay humihikayat sa Committee on Local Government na siyasatin ang iligal na gawain na kinasasangkutan ng mga local na opisyal particular ang mga opisyal ng Municipal/City treasurer's office upang palabasin na ang notice of delinquency, foreclosures, at tax delinquency sales ay maayos na natanggap ng mga nagmamay-ari ng lupa kahit walang balidong katibayan ng pagtanggap ng mga may-ari ng lupa.

Ang mga lupa't bahay ay iniaalok din sa mga mapagsamantalang bidder na kasapakat ng mga tiwaling opisyal kapalit ng mababang halaga na milya-milya ang layo sa fair market value.

Idiniin ni Arroyo sa resolusyon ang kahalagahan ng pag-iimbestiga sa mga patakaran, lalong-lalo na sa mga ari-ariang itinuring na tahanan ng pamilya upang protektahan ang mga land owner na nakikibaka sa mga mapagsamantalang indibidwal upang ang kanilang karapatan at interes ng pamahalaan ay maayos na mapangalagaan.

**(Exequiel "Sonny" Ilustre, Jr. 0927-654-7667)**

**Taste and see that the Lord is good; blessed is the one who takes refuge in him.**

## Lahat ng pamilya sa Lungsod ng Cabuyao, Laguna mabibigyan ng ayuda


Mayor Mel Gecolea

Tiniyak ng pamahalaang lungsod ng Cabuyao na mabibigyan ng cash assistance ang humigit-kumulang 91,000 pamilyang Cabuyeño na apektado ng enhanced community quarantine.

Ito ay matapos aprubahan ng pamahalaang lungsod ang karagdagang P68 milyon upang mapunan ang P297,809,000 pondong pang-ayuda mula sa pamahalaang nasyunal.

"Dahil sa naaprubahang dagdag na budget para sa ayuda, hindi lamang po ang mga nasa list of priority ng nasyonal ang mabibigyan kundi lahat na po ng ating mga kababayan" pahayag ni Mayor Mel Gecolea sa kanyang official Facebook page.

Ayon sa pamahalaang lungsod ng Cabuyao, bawat pamilya na may dalawang miyembro o higit pa ay makakatanggap ng P4,000. Makakatanggap din anila ng kapareha sa halaga ang mga mag-asawa o pamilyang nangungupahan; solo parents, senior citizens, at persons with disability na nag-iisa sa bahay; at, live-in partners na may anak. Ang mga naunang nabigyan ng ayuda ngunit kulang sa P4,000 ay dadagdagan din upang mabuo ang itinakdang halaga.

Ayon pa sa pamahalaang lungsod, makakatanggap naman ng P1,000 ang mga indibidwal na nag-iisa sa bahay, mga boarder/bedspacer; live-in partners na walang anak; at, mga senior citizens at PWD na may kasamang pamilya.

Ngayong Martes, Abril 13, ay sinimulan na ang house-to-house distribution ng cash assistance para sa mga residente ng lungsod.

Ayon sa pamahalaang lungsod ng Cabuyao, ginawa nilang house-to-house ang distribusyon ng ayuda upang matiyak ang kaligtasan ng mga residente nito sa gitna ng tumataas na kaso ng COVID-19.


Minarapat din anilang magbahay-bahay upang makita ang katayuan ng mga nasasakupan nitong pagkakalooban ng cash assistance.

Dalawang grupo na binubuo ng mga kawani ng lokal na pamahalaan, barangay, at mga volunteers, ang magbabahay-bahay kada barangay upang mapabilis ang pamamahagi ng ayuda.

Magkakaroon naman ng encoding at validation upang matiyak na walang madodobleng pangalan o mauulit na tatanggap ng ayuda.

Paalala ng pamahalaang lungsod, na manatili sa mga tahanan at hintayin ang GO Ayuda Team at ihanda ang valid ID na ipapakita sa mga validators para sa verification at identification. Kung wala naman sa bahay ang head of the family, ay maaaring mag-iwan ng kopya ng kanyang ID sa mga maiiwan sa bahay.

Sakali naman anilang may hinaing o katanungan ukol sa pagbibigay ng ayuda ay maaaring ipag-bigay alam sa Grievance Committee na kanilang binuo. **(PIA)**



## MAYOR ARCILLAS...

from p. 1

85,307 households ang mabibigyan ng ayuda mula sa P341,229,000 na pondong inilaan ng pamahalaang nasyunal kung saan tanging mga low-income individuals at informal workers lamang ang maaaring makatanggap batay sa Joint Memorandum Circular No. 1 S. 2021 na inilabas ng DILG, DSWD at DND.

Sa pamamagitan aniya ng karagdagang pondo na inilaan ng pamahalaang lungsod ay aabot sa tinatayang 172,807 households ang mabibigyan ng ayuda.

Sa ngayon, patuloy ang pamamahagi ng ayuda sa mga residente ng lungsod kung saan ginawang house-to-house ang distribusyon nito upang matiyak ang kaligtasan ng bawat isa sa gitna ng tumataas na kaso ng COVID-19.

Paalala ng alkalde, manatili lamang sa tahanan at hintayin ang Ayuda Distribution Team at ihanda ang mga kailangang dokumento gaya ng ID.

**(AUGUSTO LAGUDA)**

# Door-to-door ayuda sa Biñan, Laguna





Naghihintay na lamang at nakaupo sa labas ng bahay ang mga benepisyaryo ng ayuda sa Biñan, Laguna habang namamahagi ang kanilang LGU.

Ayon sa FB post ng Biñan City Information Office, ito raw ay para maiwasan ang siksikan at kumpulan ng mga tao sa isang lugar.

Pinangunahan ni Mayor Arman Dimaguila kasama si Vice Mayor Gel Alonte at mga opisyal ng Lungsod,ang kakaibang diskarte sa pamamahagi ng ayuda para sa mga residenteng nakatira sa mga iskinita at looban na lugar.

Mahigpit pa rin daw na ipinatutupad ang mga health protocols tulad ng social distancing, pagsusuot ng face mask at face shield.

# SK PRESIDENT, GUNNED DOWN IN LAGUNA

Camp Vicenfe Lim, Calamba City - The president of Sangguniang Kabataan in Laguna was gunned. down in the town of Lumban.

The victim as identified as Renzo Matienzo, 26 years old, present SK President, resident of Cosme St Barangay Maytalang 1 Lumban, Laguna.

Initial investigation said the victim was inside his bedroom when a man entered and shot Matienza several times. The suspect fled afterwards.


Police Capt. Jose Marie Pena, chief of the Lumban police said the gunman is now the target of a hot pursuit operation.

A deeper investigation is being conducted to determine the identity and motive of the suspect in the murder. **(RA)**

# GOLEZ....

from p. 1





opisyal.

"Ang ayudang ito ay mula sa budget ng local government unit (LGU)...at 'yun pong na announce ng Malacañang ay hindi pa po nakukuha ng LGU, at kung sakaling dumating na ito ay cash na ang ipamamahagi," ayon kay Golez.

"Bumalik po kami umikot at tinanong ang ating mga kababayan kung nakuha na nila (ang ayuda) at lahat naman po ng nakausap natin ay sinabing natanggap na nga nila," dagdag ni Golez.

Sanhi ng deklarasyon ng pambansang pamahalaan na ilagay ang buong Metro Manila plus Bubble (Cavite, Laguna, Rizal at Bulacan) sa ilalim ng enhanced community quarantine (ECQ) kaugnay sa lumolobong paglaganap ng sakit na Covid-19 ay kinakailangang mamahagi ang pambansa at local na pamahalaan ng ayuda sa mga apektadong mamamayan, tulad sa siyudad ng Parañaque.

Muli po kaming lumabas nila Congressman Eric Olivarez, Councilor Tess De Asis at Konsehal JB Balicanta para tumulong sa pamamahagi ng ayuda sa ating mga kababayan, dagdag ni Golez.

Mayroon ding na ibang team na namimigay ng ayuda sa ibang mga lugar ng siyudad.

Nakasama din sa misyon ayuda distribution sina Kapitan Chaqui Cortez, Kagawad Allan Abaya, Kagawad Evangeline Velasquez, Kagawad Merla Pamplona Formentera, Kagawad Jerome Lolit De Asis at Kagawad Reynaldo Casanova.

# NCR+, 3 other areas now under MECQ until April 30

President Rodrigo Duterte has placed NCR Plus (Metro Manila, Bulacan, Cavite, Laguna, and Rizal) under the less restrictive modified enhanced community quarantine (MECQ) from April 12 to April 30, Malacañang said on Sunday.

Presidential Spokesperson Harry Roque said Duterte made this decision after more public and private hospitals committed to provide rooms and beds dedicated to COVID-19 patients.

Duterte last week urged the Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) to expedite the payment of claims of hospitals.

"Dahil sa direktiba ng Pangulo sa PhilHealth na magbayad sa mga ospital na mayroong mga unpaid Covid claims, marami sa ating mga private, national government, at LGU hospitals ay nag-commit na dadagdagan ang mga COVID-19 beds, lalo na ang mga ICU beds sa NCR Plus," he said in a virtual presser.

PhilHealth earlier approved the application of a debit-credit payment method (DCPM) to facilitate the settlement of accounts payable to health care facilities (HCFs) during the state of public health emergency due to the COVID-19 pandemic.

"Ito ang isa sa mga naging kritikal na basehan ng IATF para mag rekomenda sa ating Presidente na magluwag ng kaunti at gawing MECQ ang klasipikasyon sa NCR Plus," he added.

Besides NCR (National Capital Region) Plus, also under MECQ are the City of Santiago in Isabela, Quirino province in Region 2, and Abra in the Cordillera Administrative Region.

Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya (Region 2), Batangas (Region 4-A), Tacloban City (Region 8), Iligan City (Region 10), Davao City (Region 11), and Lanao del Sur (BARMM), and Quezon will be under general community quarantine (GCQ).

The rest of the Philippines will be under the least restrictive modified general community quarantine (MGCQ).

Roque said private and public hospitals in NCR Plus have committed to provide 164 ICU beds for critical COVID-19 patients and 1,157 COVID-19 regular beds for moderate and severe patients.

He said 74.34 percent of 1,395 ICU beds are still available; 46.04 percent of 6,367 ward beds are unoccupied; 59.56 percent of isolation beds are still available in NCR Plus.

Last Saturday, health authorities recorded 12,674 new COVID-19 cases pushing the tall to 853,209.

In a statement, Roque urged LGUs in the NCR Plus to set up their respective local telehealth triaging systems equipped with sufficient medical personnel available to provide immediate medical and patient referral advice.

Roque said there must be an adequate number of COVID-19 dedicated beds, complementary health human resources, and well-coordinated triage and referral systems in place at the LGUs, isolation and quarantine facilities, and health facilities.

He reminded LGUs in NCR Plus to prioritize the generation of demand for vaccination to those with highest risk for severe disease and death, particularly priority groups A2 and A3 (senior citizens and those with comorbidities) of the national deployment and vaccination plan for COVID-19.

Roque also directed the Department of Labor and Employment and the Department of Trade and Industry to ascertain the number of employees who may undertake alternative work arrangements and its impact on the maximum carrying capacity of the subject area.

Roque said the common curfew from 6 p.m. to 5 a.m. will remain in place until mayors and governors have agreed on modified hours.

"While mayors and governors have not yet agreed on modified hours, it remains as is," Roque said in a statement.

He said consultations are already ongoing and a decision may be made soon.

However, workers, cargo vehicles, and public transportation will not be restricted by the said curfew, he added.

According to amended omnibus guidelines of the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) as of April 3, 2021, strict home quarantine shall be observed in all households under MECQ. Movement of persons shall be limited to accessing essential goods and services, and for work in permitted offices or establishments or such activities allowed.

Persons below 18 years old, those who are over 65 years old, those with immunodeficiency, comorbidity, or other health risks, and pregnant women shall be required to remain at home at all times except for obtaining essential goods and services or for work.

Under the IATF-EID guidelines, the following establishments, persons, or activities shall not be permitted to operate, work, or be undertaken during MECQ:

- Entertainment venues with live performers such as karaoke bars, bars, clubs, concert halls, theaters, and cinemas;

- Recreational venues such as internet cafes, billiard halls, amusement arcades, bowling alleys, and similar venues;

- Amusement parks or theme parks, fairs/peryas, kid amusement industries such as playgrounds, playroom and kiddie rides;

- Outdoor sports courts or venues for contact sports, scrimmages, games, or activities;

- Indoor sports courts or venues, fitness studios, gyms, spas or other indoor leisure centers or facilities, and swimming pools;

- Casinos, horse racing, cockfighting and operation of cockpits, lottery and betting shops, and other gaming establishments except for the draws conducted by the Philippine Charity Sweepstakes Office;

- Indoor visitor or tourist attractions, libraries, archives, museums, galleries, and cultural shows and exhibits;

- Outdoor tourist attractions;

- Venues for meetings, incentives, conferences, and exhibitions;

- Personal care services which include beauty salons, beauty parlors, medical esthetic clinics, cosmetic or derma clinics, make-up salons, nail spas, reflexology, aesthetics, wellness and holistic centers, and other similar establishments; acupuncture and electrocautery establishments, and massage therapy including sports therapy establishments. It also includes establishments providing tanning services, body piercings, tattooing and similar services. Home service for these activities is likewise not permitted; and

- Indoor dine-in services of food preparation establishments such as commissaries, restaurants, and eateries.**(PNA/GOCAVITE)**

ISSN 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.

# Imus launched contactless distribution of 'ayuda'

The local government of Imus, Cavite, launched on April 12 the contactless distribution of financial assistance or ayuda for its more than 100,000 households.

Mayor Emmanuel Maliksi said Imus has received the P447.56-million ($9.21 million) budget allocated by the national government. Imus is set to distribute ayuda through debit cards, cash cards, e-wallets, Gcash, PayMaya, and cash pick-up at authorized withdrawal banks or centers.

This seeks to prevent face-to-face distribution of cash assistance, a practice that can potentially spread Covid-19. (Dennis Abrina)



*Meeting with Cavite PASADA & PTAP Provincial officers last April 11,2021 (Sonny Anarna)*

# SM STATIONERY VIRTUAL ART FEST 2021



*International Art teacher Majenta Ocampo will teach kids on how to paint Nordic and Mandalorian - Themed Easter Eggs*



*The Faber Castell Acrylic Colours set is a compact set that is convenient and inexpensive way of getting started in new painting techniques like Nordic-Themed Style Painting.*



*Kylee Tabil of Kyleegraphy will share basic tips on Faux Calligraphy as you design your own Tumbler on April 24.*



*Mix and Match different pop colors with Sharpie Fine Markers.*



*Licensed Professional Teacher Aimee Lea Fadriguela will be doing a workshop for Getting Crafty with Prismacolor on April 25.*



*On April 10 and 11, Pilot Pens' Teacher Mangel will be demonstrating the use of Pilot Juice Paint Markers in Batik Bag Coloring.*



*Batik- Bag Coloring Kit with Pilot Pen Juice paint Markers and Liquid Glue.*



*Pre-school teacher Jill Dungo will help kids in creating their own Glue Drawn Art from their own home.*



*Get this Elmer's Glue Drawn Art kit at www.smstationery.com.ph and join the SM Stationery's Virtual Art Fest.*



*Get creative and decorate your own Kraft bookmark.*



*Bring your artistic vision to life with Prismacolor Premier 24 Colored Pencils.*

Take a break from your school or work routine by taking the artistic route online with the first SM Stationery Virtual Art Fest 2021 every weekend of April and May.

Celebrate your creativity and passion online as this year's Art Fest showcases traditional arts like brush calligraphy, watercolor and abstract painting; as well as contemporary expressions like Doodle Sketching, and pop arts and crafts that both mom and kids will love. Here's what they can look forward to:

• Visual Artist and International Art teacher Majenta Ocampo will share her knowledge and have fun painting Easter Egg in Nordic and Mandalorian- Style.

• Create your water color wonders with licensed Professional Teacher and YouTube Art Teacher Aimee Fadriguela , who will show some watercolor painting techniques using Prismacolor Colored Pencils in designing canisters and bookmarks. Teacher Mangel of Pilot Pens, on the other hand, will share the Watercolor resist art painting in Batik- Bag Coloring with Pilot Pen Juice Paint Markers and Liquid Glue.

• Calligrapher and eco-friendly artist Kylee Tabil of Kyleegraphy, will share some tips on Basic Faux Calligraphy and how to design reusable Tumblers with their favorite quotes and lettering.

• Preschool Teacher Jillian Dungo will share her tricks on how to Glue Drawn Art using different colors of Elmer's Glue.

There's more fun ahead as workshop participants will be given special prizes and freebies at the end of the workshop.

The SM Stationery Virtual Art Fest 2021 is in partnership with Sharpie, Faber Castell, Artline, Prismacolor, Papermate, Titus, Craft Easy, Elmer's, Tokyo Finds, Sakura, and Pilot. For more info, visit our website www.smstationery.com.ph and follow us on Instagram and Facebook in smstationeryph. **(KCHT)**



## GABAY AT BUHAY

*Bishop ERIC SANTOS*

## Ang tanong nakararami: KALUSUGAN O KAGUTUMAN?

Isang mapagpalang araw po sa inyong lahat na walang sawang sumusubaybay sa pahayagang Ito.

Mahigit isang taon na tayong dumaraing sa epekto ng pandemya, at habang gumagawa ng iba't- ibang hakbang ating pamahalaan upang maging ligtas ang lahat sa sakit na COVID 19, patuloy dumaranas ng kahirapan ang mga Juan dela Cruz sa ating bansa. Ang iba, nakikipagsapalaran upang mairaos lang ang kahirapan sa maghapong daraan. Ang iba naman Kung mapapansin natin, dahil tayo daw mga Pilipino ay lahi ng mga bayani at nang mga dakilang mandirima, kaya itinuturing nilang kalokohan lang ang nasabing Virus kaya't tuloy lang sila sa normal na pamumuhay, habang ang iba naman ay takot na takot, nakakulong sa mga bahay nila at patuloy Lang sumusunod sa paalala ng gobyerno.

Stop! Ito lang siguro ang masasabi ko sa ngayon na ang bawat isa ay gulong gulo sa mga nangyayari. Habang nagsisikap ang mga nanunungkulan para mabigyan ng solusyon ang problema dunaranas ng lahat, wala ka maturing sa marami, kundi sisihin ang mga nanunungkulan Ito. Opinyon ko lamang mga kapatid, siguro turuan natin ang ating mga sariling mag-STOP... S- sumunod lang tayo sa mga pinuno natin, anumang bagay na kanilang panukala para sa atin ay tiyak makakabuti para sa atin. T - tumulong tayo sa ating pamahalaan, sa ating komunidad at sa mga nangangailangan. Gawaing kabanalan, Kung sa tingin ng iba kulang ang Ayuda o anumang bagay na ibinabahagi ng pamahalaan, subukan tumugon o tumulong at makikita natin kung paano Tayo pagpapalain ng ating Diyos. O- obligasyon natin ang sumunod sa alam nating Tama. Huwag ibaliwala ang sinasabing paalala, at Kung hangad natin matuldukan na ang pandemya, sumunod lang Tayo. P- pala-asa, Kung minsan hindi siguro sa pamahalaan ibuntong ang sisi, kundi sa atin mismo at hindi na tayo tumitingin sa paligid bagkus ang mahalaga lang ako at ang aking sarili lang, hindi na tayo gumagawa ng mga bagay na mabuti para sa ating kapwa bagkus umaasa lang ang marami sa atin sa anumang makabubuti para sa kapakanan natin.

Tandaan natin, hindi lang tayo nabubuhay para sa sarili lamang, at hindi din tayo mamamatay para sa sarili lamang. Nabubuhay tayo at mamamatay tayo para sa Panginoon.

Nawa'y minsan pa ay nakapagdulot ako sa inyo ng GABAY na siyang magdadala sa atin sa panibagong yugto ng BUHAY. Patuloy nawa tayong samahan ng ating Diyos na siyang totoong GABAY AT BUHAY.




*The Municipality of Arakan will be conducting first ever Miss Arakan Eco Tourism 2021 as a part of Sogaya Festival. The competition will help promote Tourist Attractions, Resorts and Accommodation herein the municipality. #MsArakanEcoTourism2021 #SogayaFestival (VM Jiji Anarna-Pangilinan)*

Southern Sparkle News and PUBLISHING
ISSN 2508-0679
The country's news vehicle towards progress and development.
VOL. XII NO. 28

# SALAMAT PO DIOS AMA " MATUTUPAD NA"

Sa tinagal tagal ng panahong nagsawalang kibo ang inyong lingkod dahil sa hindi katanggap tanggap na sitwasyong pilit na ipinalulunok sa aming sektor ng transportasyon na kung tawagin ay" MGA BAYANI NG LANSANGAN" Dito lang sa Pilipinas nangyayari na ang mga bayani ay pinahihirapan ang isip at kalooban.

Nagdudumilat ang katotohanang hirap din ang ahensiya ng gobyerno na ipatupad ang kanilang programang hindi na pinag aralan at pinag isipang mabuti dahil sa dikta ng mga mamumuhunang dayuhan..

Masalimuot at tunay na hindi katanggap tanggap. Katunayan na hanggang sa ngayon hindi mapwersa ng gobyerno ang mga operator ng mga pampasaherong jeep na lumahok sa programa ng modernisasyon. Lubhang pahirap at maglulubog lamang sa kumunoy ng kahirapan ang pobreng sector.

Kuruin nyo mga kababayan, sa pamamagitan ng JAO 001-S-2014 pinupwersa nila ang sector na sundin ang kanilang idinidikta (dahil hindi napag-usapan o napagkasunduan ng dalawang panig sa isinagawang pagdinig publiko na ginanap sa EDU hall ng LTO LTFRB at DOTR)

Kaya nga hangga ngayon kinukwestyon ng sektor ang napakalupit na penalty sa mga lalabag .DITO LAMANG SA PILIPINAS NANGYAYARI NA ANG DOTC SEC (JUN ABAYA) LTO CHIEF (ATTY ALJUN TAN) AT (ATTY WINSTON GINES) ay pwede ng gumawa ng batas ukol sa trapiko. MGA HUNGHANG NA TAUHAN NI PNOY. Nagreklamo si TATA JUN MAGNO pero initsa pwera ng Korte Suprema. HANGGA NGAYON IPINATUTUPAD ANG MALADEMONYONG JAO 001-S-2014.

Mga kasama isingit lang natin mga kabalbalang penalty na GUMAHASA YUMURAK SA KABANALAN NG R.A. 4163 (TRAFFIC CODE OF THE PHILIPPINES -1964), Colorum vehicle Tricycle P 6,000.00 Passenger Type Jeepney P 50,000.00 Aircon Van P 200,000.00 (biktima ang grupo ko ng 2 unit na naka impound sa Tarlac Impounding Area)) Bus P 1M. sa JAO 001-2014. Sa RA 4163 minimal ang multa P 3,000.00 LANG. Oh di ba mala demonyo penalty na ginawa ng tatlong ABUGAGO.Hangga ngayon walang sinuman sa Kongreso at Senado ang nag-iisip sa kasawiang ito ng sektor ng transportasyon Masahol pa sa maluhong Sistema ng PANDEMONYONG PANDEMYA N A ITO.

Kaya lubhang nakakaawa ang mga nahuhuli dahil hindi sila sumusunod sa ipinag uutos na modernisasyon.Nung una pa lang na maupo na si PRRD ay nagbanta na ito na kung hindi susunod sa programa ng modernisasyon ay hindi na niya papayagang bumyahe ang mga pasaway.

Hindi tulong ang ibibigay ng gobyerno kung uutang sa banko para lamang may pang down sa bagong sasakyan. Kukunin ng gobyerno ang sasakyan at ipapa scrap para hindi na ito makatakbo sa kalsada dahil sa usok nito na di umano ay nakakapinsala sa kalikasan.

Kaya nga sa aking mga sinusulat lagi kong sinasabi sa mga kinauukulan na unahin muna ang NAPOCOR MERALCO at malalaking kumpanya na nagbubuga ng maitim na usok kung gabi at madaling araw.

Dahil kay PTAP EVP for External Affairs at PTAP Pres ng Parañaque City ROBERT DE LARA ay natagpuan tayo ng Sugo ng Dios Ama at magpapaluwag sa kalooban ng mga operators ng mga pampasaherong sasakyan o jeepney.

At sa aming naging pag uusap ng may ari ng kumpanya, ilulunsad nya ang kaniyang misyon sa pamamagitan ng PTAP o Public Transport Alliance of the Philippines.

Ang kaniyang tanong kaagad sa akin "Gusto mo ng brand new na pampasaherong jeepney na walang down payment at walang monthly amortization?

Aba eh sino naman ang tatanggi sa alok na yun.

Tinanong ko kung paano Sistema.

At inilahad nya ang kaniyang programa ng pagkakaloob ng brand new fully equipped na pampasaherong jeepney

Kasama namin sa naganap na zoom meeting noong April 6 2021 si MMDA ASEC Celine Pialago, PTAP EVP Dr. Jacob Arroyo, PTAP EVP for External Affairs Robert de Lara at si Pres Glenn Garcia na pinalitan na ni @ KEINJI JAICTEN bilang bagong Presidente ng CCW Tsuperhero Membership Committee at ang inyong lingkod.

Agad kong tinanggap ang alok na pangunahan ng PTAP ang pamimigay ng pampasaherong jeep na walang downpayment at lalong walang monthly amortization ng operator.

Exclusive na PTAP ang mangangasiwa sa pamimigay sa buong Pilipinas at ipagkakaloob ito sa mga may legal na ruta na kaloob ng Land Transportation Franchising Regulatry Board o LTFRB.

Bilang pasimula. Ipagkakaloob nya ang 25,000 units na brand new as in brand new talaga pati makina sa NCR 9,000 units, Region 3 o Central Luzon ay 8,000 units at sa Region 4A ay 8,000 units din.

Ang Region 4A ay binubuo ng Cavite 1,600 units o 69 units per town. Ang hindi tatanggap na bayan o lunsod ay ipapasa sa bayan o lunsod na kailangan ang dagdag na unit.

May larawan ng zoom meeting (April 6, 2021 330PM) at larawan ng isinagawa naming pagpupulongng mga provincial leaders ng PASADA at PTAP na parehong pinamumunuan ko noong Linggo April 11,2021 10:00 AM sa aming barangay (may kasabay na larawan sa isyu na ito).

At kanina kinausap ko na rin ang mga operators na maraming pag-aari ng mga lumang modelo na nabili sa mga kasamahang ayaw ng mamasada. Pairalin ang Sistema ng LTFRB na hanggang 5 units ang mga individual operators at unlimited naman sa mga consolidated franchise ng Transport Cooperative (pero hindi rin lahat ng transport cooperative ay mabibigyan lalo pa nga at naka kompromiso na sila sa Landbank at Development Bank).

Sa anumang katanungan o detalye, maaari kayong makipag ugnayan sa mga sumusunod na opisyales ng Cavite PTAP: Alfonso – Jesi Pedrigal 09058355758 09128627490; Amadeo Lanie Alboladora 09275020284 ; Bacoor City Rogelio de Vera 09058710100 09262174093 ;Carmona ; Cavite City Elena Manlangit 09974314194 09203098102 ; Dasmariñas City Ronaldo Sales 09335170344 ; Gen Trias City Dr. Gaudencio Nati 09482879193 09277126339 ; Imus City Dr. Engr Jeddper de Castro 09176350793 09508962285 ; Indang Domingo Feranil ; Kawit Cornelio Enardecido 09351765305 09358559184 ;Mendez Gerardo Panganiban; Naic Margie Boarao 09978110138 09432702966 ;Noveleta : Rosario : Silang Bernie Villanueva : Tagaytay City Ciriaco Payad 09277452727 09993935772; Ternate Avelino Angeles 09465837204. Wala nap o tayong opisyales sa Gen Mariano Alvarez pero sasakupin sila ng opisyales natin sa parehong ruta na tinatakbuhan nila

# PILIPINAS ALIPIN NG




# DIKTA NG W.H.O.

Oh ano na DOH at IATF wala na ba kayong gagawin kundi hintayin at ipatupad ang dikta ng WHO?Pawang CQ CQ lang alam nyo.

Wala man lamang nabalitaan ang sambayanang nagpapasweldo sa inyo na ang ating mga siyentipiko ay hindi tumitigil sa pagtuklas ng mabisang gamut laban sa COVID na yan. Pinagtatalunan nyo pa ang perang ibibili ng gamot sa COVID sa ibang bansa. ABA eh sila lang ba magaling gumawa ng gamut aber???

Naka-MECQ tayo ngayon..malamang pagkalipas ng April 30 CQ uli.. Eh yung ayuda ng Malacañan hangga ngayon pinagtatalunan pa kung IN KIND O IN CASH ang ibibigay sa taong bayan.MALIWANAG ANG UTOS NI PRRD….IN CASH…..IN CASH… P 1K KADA TAO O MAXIMUM NG P4K BAWAT BAHAY BOTANTE MAN O HINDI…

HA HA HA HA YUNG MGA SUWAIL TALAGANG SUWAIL…PATI DILAWAN AT KONTRA PELO KASAMA SA BIBIGYAN ( HOY MGA DILAWAN… KAKAPAL NG PAGMUMUKHA NYO…NAGAGAWA NYO PANG TUMANGGAP SA AMING WALANG KWENTANG PROGRAMA??? ABA KAHIHIYAN NYO NASA TALAMPAKAN.

## PAGBATI:

Binabati po natin ang aking pamangkin na si Arakan North Cotabato Vice Myor Jiji Anarna Pangilinan sa kanyang matagumpay na paglulunsad ng ECO TOURISM PROGRAM na sinabayan nya ng pagrampa ng magaganda at kahali halinang mga dilag na mag iindorso sa nasabing programa

Isabay ko na rin ang pagbati sa kanyang kapatid na bunso Meljean R. Anarna na ikinasal Von Andrei Josol kamakailan (may kasabay na larawan sa isyung ito.) kamakailan. Hindi po nakarating ang mga kamag anak sa Luzon at Visayas dahil sa pandemic lockdown.

Binabati rin po natin ang bagong Pangulo na si KEINJI JAICTEN Fed PAC CCW Tsuperhero Membership Committee na humalili kay G. Glenn Garcia. Ang grupong ito ang magkakaloob sa ating ng mga pampasaherong sasakyan sa darating na araw.

Maaari kayong magpadala NG IYONG MUNGKAHI OPINYON O SUHESTIYON o mag text sa 09392356760 09052971456 09153091370 o mag email sa sonnyanarna@yahoo.como sa aking messenger QUINCIANO ANARNA o sa pahayagang ito.


DR. QUINCIANO B. ANARNA Ph.D. D.Hum
Honoris Causa
National Chairman PTAP
National Consultant ACTS Philippines
Member PNP Advisory Council (Silang & Amadeo both in Cavite)
Official Media Representative Tagaytay CCPS



*April 6, 2021 Wedding of the Year of lucky couple Meljean R. Anarna and Von Andrei Josol at Kidapawan City. The bride is the youngest daughter of Melchor Anarna and Mary Jean R. Anarna (both at the side of the newly wed) and sister of Arakan North Cotabato Vice Mayor Jiji Anarna Pangilinan .(Courtesy of VM Jiji Pangilinan)*



*04.08.21 Emergency Shelter Assistance worth 10,000 for 177 families of the Municipality of Arakan for partially damage houses.(VM Jiji Anarna Pangilinan)*






*(Courtesy of Elmer Francisco Motors Corp.)*



*Mr Elmer Francisco the President and CEOPTAP EVP for External Affairs and Francisco Motors Corp (Elmer Francisco)PTAP Pres Parañaque City Robert de Lara (Elmer Francisco)*



*Meeting with Cavite PASADA & PTAP Officers last April 11, 2021 (Sonny Anarna)*

*Sariling makina ng jeep gawa ng Francisco Motors (Elmer Francisco)*



# TOY KINGDOM'S SUMMER PLAYBOOK

(KCHT)



Little girls will love this Cape Cottage Playhouse.



Toy Kingdom's Summer Playbook highlights all things that make fun in the sun memorable.




Summerize your backyard with this Intex Easy Pool Set.




Ride the pool waves with this inflatable Scooter Rider Dinghy.



It's fun whimsical swim party with this Mega Unicorn Island.



Swim and relax with this Mosaic Fish Tail Ring.



Play all day with this colorful slide set.




Little Tikes Jump n' Slide Dry Bouncer



Feel the waves with this Glitter Mermaid Tube.



Let the kids shop just like mom and dad with this Shop n' Learn Smart Checkout.

Play Fortnite in real life with Nerf Fortnite Series.










Bounce and Play with Playhouse Jump - o - Lene.



This baby rocking horse will help your baby's sense of balance and soothe their mood.




Teach your kids to get sporty with this 3 in 1 Kids Basketball Hoop Set with Soccer and Golf.

Intex Shootin' Hoops set for active kids

Toy Kingdom's summer playbook collection highlights all things that make fun in the sun memorable – in an exciting new way.

Kids, after all, are spending more time at home, but it doesn't mean they can't play it cool in the pool; get sporty in their own backyard; or simply have fun bonding with family at home.

Make a splash in your own backyard with cool inflatable pools, floaters and bubble blasters. Create your own exciting water adventure with a whimsical Unicorn Island or Mermaid Tail Ring.

Girls will love to play all day with playhouses and play sets; while boys will enjoy some backyard sport activities with basketball sets, inflatable hoop sets and Nerf Fortnite adventures.

Check out the Toy Kingdom's Summer Playbook at www.toykingdom.com.ph and order now thru their Call to Deliver services at 0917.5578797 and have a personal shopper assist you. Follow ToyKingdomPH in Facebook and Instagram.

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE AMONG HEIRS WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **ANTONIO A. ASADON AND CARMELITA DE ASIS ASADON**, who died intestate on July 4, 2007 and August 28, 2016 both in Blk. 16 Lot 27, Brgy. Delas Alas, Gen. Mariano Alvarez, Cavite, left a parcel of landsituated atBlk. 16 Lot 27, Brgy. Delas Alas, Gen. Mariano Alvarez, Cavite with an area of 158 square meters, covered by TCT No. T-131319, andwasExtra-JudiciallySettledamongthelegalheirsofthesaiddeceasedinthesaidinstrument, executed before Notary Public Atty. Ceasar Anthony S. Solis, under Doc. No.43, Page No. 9, Book No. 5, Series of 2021.

**Southern Sparkle News and Publishing**
**April 5, 12 & 19, 2021**

## AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION BY SOLE HEIR

Notice is hereby given to the public that the Late **BERTHY L. CORPUZ** who died on June 22, 1997 left a certain parcel of land covered by Transfer Certificate of Title No. T-284429 containing an area of Two Hundred Forty Two (242) Square Meters and has been the subject of His Heirs in Affidavit Of Self Adjudication By Sole Heir Cyril Corpuz Chua married to Eumir Domingo M. Zingapan at B65 L8 South City Homes, Biñan , Laguna Before Notary Public Atty. Edward Vange P. Arriba ; Doc. No. 328; Page No. 67; Book No.1; Series of 2021.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**April 19, 26 & May 3, 2021**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENTOF ESTATE OF JOAQUIN A. RILLO AND ESTELA R. RILLO WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **JOAQUIN A. RILLO AND ESTELA R. RILLO,** who died intestate on February 5, 2015 and July 14, 2012 both in Dasmariñas City, Cavite, left a parcel of land located in Dasmariñas City, Cavite, covered by Transfer Certificate of Title No. T-139879 with an area of 100 square meters, and was Extra-Judicially Settled among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before Notary Public Atty. Fe B. Añonuevo, under Doc. No. 474, Page No. 64, Book No. 130, Series of 2020.

**Southern Sparkle News and Publishing**
**April 5, 12 & 19, 2021**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH TRANSFER AND WAIVER OF RIGHT WITH SALE

Notice is hereby given that the estate of the late **LUISA A. CABALTERA,** who died intestateon April 24, 2007 at Blk. 23 Lot 14, Brgy. Yakal, Silang, Cavite, left a parcel of land situated at Phase 3, Blk. 23 Lot 14, Brgy. Yakal, Silang, Cavite with an area of 90square meters, and was Extra-Judicially Settled among the legal heirs of the said deceased in the said instrument, executed before Notary Public Atty. Ceasar Anthony S. Solis, under Doc. No. 30, Page No. 6, Book No. 5, Series of 2021.

**Southern Sparkle News and Publishing**
**April 5, 12 & 19, 2021**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SALE (of the Deceased Julito Capistrano Ramos)

Notice is hereby given to the public that the late **JULITO C. RAMOS** who died on April 1, 2020 in Imus City, Cavite , left one-half (1/2) parcel of land together with the improvements existing thereon Transfer Certificate of Title No. T- 110736 containing an area of Three Hundred Fifty Nine Square Meters And Fifty Six Square Decimeters (359.56) and has been the subject of His Heirs in Extra-Judicial Settlement of Estate With Sale in consideration of foregoing premises and the sum of (Php 2,070,000.00) Pesos Philippine Currency from ACE M.KAMANTIGUE Filipino residing at No. 148 Manela Subdivision , Brgy. Malagasang 1-D Imus City, Cavite SELL, TRANSFER and CONVEY unto the said Ace M. Kamantigue Before Notary Public: Atty. Wilfredo P. Saquilayan; Doc. No. 319; Page No. 64; Book No. XX1; Series of 2021.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**April 12, 19 & 26, 2021**



# 8 tulak, 12 sabungero, arestado sa Cavite

Walong hinihinalang tulak ng iligal na droga at labindalawang sabungero ang nasakote ng pulisya sa magkakahiwalay na operasyon sa Cavite habang umiiral ang mahigpit na rehistriksyon sa lalawigan. Batay sa ulat ng Cavite Police Provincial Office (PPO), nagsagawa ng buy-bust operation sa magkakahiwalay na lugar sa tatlong lungsod ng lalawigan ang mga awtoridad dakong alas-2:30 kamakalawa ng hapon hanggang alas-12:45 ng madaling araw kahapon.

Limang hinihinalang tulak ang dinampot sa buy-bust sa Pasong Kawayan 2 at Brgy. Buenavista 2 sa General Trias City habang tig-isa sa Brgy. Niyog 1, Bacoor City at Brgy. Buhay na Tubig, sa Imus City.

Nasa 12 namang sabungero ang nadakip mula sa matagumpay na anti-gambling operation na isinagawa sa Brgy. Lantic, Carmona; Green Breeze Subd., Brgy Langkaan 2, Dasmariñas City; at sa Brgy. San Francisco, General Trias City.

Umabot sa P5,100 na pusta, anim na panabong at limang tari ang nasamsam sa nasabing operasyon.

WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTER
ISSN: 2508-0679
Southern Sparkle News and PUBLISHING
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XII No. 28 APRIL 19-25, 2021 P10.00







Dama ni Vice Mayor Arnel DC Gomez ang mga hinaing ng mga taga-Santa Rosa sa unang araw ng pagbibigay ng AYUDA (P1,000 ~ P4,000) ngayong pandemya. Tama naman na pera nga ang ibigay kaysa "in kind" sa mga Roseñan. Ngunit sa pagpapatupad o pagbigay ng ayuda ay napuno ng reklamo o iba't ibang kwento.

Ipinamahala sa Pamahalaang Lungsod ang pamamahagi ng AYUDA mula sa Pamahalaang Nasyonal (DBM Local Budget Circular No. 136) sa pamamagitan ng Lokal na Punong Ehekutibo o Mayor at ng CSWD. At may kanya kanyang pamamaraan na inaakala na mas tama o epektibong paraan ng pamamahagi.

Bagamat ito ay wala sa saklaw sa amin na bumubuo ng Sanggunian Panlungsod - dahil ang pagpaplano at ang pagpapatupad nito ay nasa Mayor at CSWD, maaari naming ipahatid sa kanila ang inyong hinaing upang kanilang pakinggan o itama. Maaring ipadala o ipaabot ninyo sa amin ang inyong mga suhestyon o kwento at maaari din itong talakayin sa loob ng sesyon upang mairekomenda at makapagpatibay ng bago o mas epektibong pamamaraan sa pamamagitan ng lehislatura.

Kung may reklamo o nakitang anomalya naman sa Barangay o sa pamamahagi ay meron ding pamamaraan upang maipaabot ito sa tamang ahensya tulad ng sinabi ng Pangulo. Hangad po namin na maipaabot ang AYUDANG ito sa bawat mamamayang apektado ng pandemya upang makatulong sa pang araw-araw na pamumuhay sa ligtas, patas at maayos na pamamaraan. Keep safe everyone.

# OBITUARY

## Journalist Winston Jay passes away at 44



Journalist WINSTON "JAY" JAROBEL NAVAREZ, covering the police, fire and local government beats died on April 4, 2021. He was 44.

Winston started his career in newspaper journalism at The Manila Newswatch Newspaper from the year 1994 to 2002.

He also worked for Metro National Daily Newspaper. Also, a broadcaster, he sits as co-anchor/reporter to his brother former National Press Club Director and Manila Bulletin Correspondent Benjie "Murillo" Jarobel-Navarez in DWBL Radio high-rating show "Sapol Sa Serbisyo."

He was one of the active members of Parañaque Quad Media, a group of reporters in the print, radio, television and online media groups covering Parañaque local government affairs.

Later, he established his own blog NEWS ON FIRE featuring recorded interviews and live on-scene broadcast.

His preference was for his remains to be cremated.

# Barangay Don Bosco, Parañaque bumili ng 5 oxygen set, safety protocol mahigpit na pinatupad







Dahil sa hirap at kakulangan ng mga ospital ngayon sa paglaganap ng sakit na Covid-19 ay naisipang bumili ng limang oxygen unit ni outstanding Barangay Captain Chona Navarro ng Don Bosco, Paranaque para gamitin sa kanyang barangay.

Talagang kailangan ng barangay ang ganitong aparato sa ngayon para agarang mabigyan ng katugunan ang mga kabarangay na mangangailangan ng oxygen sa pagkakasakit ng Covid-19, ayon kay Navarro.

Sa kabila ng ganitong sitwasyon ay tuloy naman ang paminigay ng ayuda sa Barangay Don Bosco.

Bumisita din sa Barangay si Mayor Edwin L. Olivarez at Congressman Eric L. Olivarez at nakita ng mga opisyal ng siyudad na maayos at sistematiko ang pamamahagi ng mga ayuda.

Sa gate pa lamang ng lugar sa pamamahagi ng ayuda ay tiniyak na ang mahigpit na pagpapatupad ng safety protocol tulad ng pagsusuot ng face mask, face shield, paggamit ng alcohol at physical distancing.

Ang mga walang dalang face mask at face shield ay libreng binibigyan na lamang para makuha ang kanilang mga ayuda.

Isa pang ikinaganda ng proseso ay ang pagbibigay ng mga numero sa mga benipisyaryo para maiwasan ang pagkakagulo, bukod pa ang pamamahagi ng libreng almusal sa Barangay Hall dahil sa naisin ni Kapitana Chona na busog din ang mga benipisyaryo habang naghihintay na maasikaso para matanggap ang kanilang ayuda. **(Michelle Mendoza)**